I. Multiple choice. Basahing Mabuti ang pahayag sa bawat bilang at piliin ang wastong sagot.

1. Ang mga sumusunod ay nagpapahayag ng hindi wastong pahayag tungkol sa diborsyo MALIBAN sa:
    a. Ang diborsyo ay ginagawa rin sa simbahan kung saan isinagawa ang pagkakasal.
    b. Ang diborsyo ay isang malaking isyu sa mga bansang Kristiyano at konserbatibo.
    **c. Ito ay ang pagwawakas ng bisa ng kasal sa pagitan ng mag-asawa sa ilalim ng batas ng bansa.**
    d. Ang diborsyo ay isang paraan upang takas an ang responsibilidad ng mag-asawa sa kanilang mga anak.

2. Si Jay at Iya ay siyam na taon nang magkasintahan. Bagama't matagal nang magkasama ay hindi pa rin sila nagkakaroon ng anak sapagkat regular na umiinom si Iya ng *Birth Pills*. Anong uri ng kontrasepsyon ang ginagamit ni Iya?
    a. Natural Contracepcion
    **b. Artificial Contracepcion**
    c. Inorganic Contracepcion
    d. Permanent Contraception

3. Bilang isang kabataan, anong makabuluhang bagay ang iyong magagawa upang makatulong sa paglutas ng suliraning panlipunan tulad ng prostitusyon?
    a. Simulan sa sarili ang pagiging responsable upang hindi humantong sa mga trabahong ganito balang araw.
    b. Mag-aral nang Mabuti at making sa klase lalo kung ang pinag-uusapan ay tungkol sa mga isyung panlipunan tulad nito.
    **c. Makiisa sa panawagan sa gobyerno na lumikha ng mga programa at trabahong may disenteng sahod upang hindi na pasukin ng mga tao ang ganitong Gawain.**
    d. Mag-*share* sa *social media* ng mga larawan at bidyo na naglalaman ng impormasyon tungkol sa mga *sex worker* at sa gawaing ito upang mas maraming kabataan ang makakita at makaalam tungkol dito.

4. Si Mang Bert at Aling Jessa ay mayroon nang pitong anak. Dahil sa hirap ng buhay, napagpasyahan na nilang gumamit ng kontrasepsyon upang hindi na madagdagan ang kanilang mga anak at lumaki pa ang kanilang pamilya. Anong uri ng kontrasepsyon ang dapat na gamitin ng mag-asawa?
    a. Artificial Contracepcion
    b. Natural Contracepcion
    c. Inorganic Contracepcion
    **d. Permanent Contraception**

5. Si Erika ay nakararanas ng pambubulas sa kanilang paaralan. Pinaskil sa *social media* ang kanyang larawan na mayroong *edit* ng kanyang kamag-aral para magmukha siyang katawa-tawa. Anong uri ng pang-aabuso ang nararanasan ni Joy?
    a. Pisikal na Pang-aabuso

   b. **Digital na Pang-aabuso**
   c. Sekswal na Pang-aabuso
   d. Emosyonal at Mental na Pang-aabuso

6. Sa kanilang tahanan, madalas na kursunada si Joel ng kanyang mga tiyuhin dahil sa pagiging mahinhin at tahimik nito. Sinasabihan siya lagi ng mga ito ng mga dapat na gawi at kilos ng isang lalaki tulad ng paglalaro ng basketball, pagkakaroon ng girlfriend, at pagiging magaslaw. Alin sa sumusunod na isyung pangkasarian ang nararanasan ni Joel?
   a. Identity Crisis
   b. Diskriminasyon
   c. **Gender stereotypes**
   d. Emosyonal na pang-aabuso

7. Kamakailan lamang ay naglabas ang Philippine Commission on Women ng kanilang mensahe sa mga mababatas na ipasa na ang SOGIE Equality Law sa ating bansa na siyang mangangalaga at magsisiguro ng pantay na Karapatan sa bawat isa, subalit hindi pa rin diniringgin ang hinaing na ito hanggang sa ngayon. Patunay lamang na ang Pilipinas ay:
   a. Isang konserbatibong bansa.
   b. Hindi naipatutupad ang tunay na prinsipyo ng "*Separation of church and state.*"
   c. Sarado ang pag-iisip sa mga usapin tungkol sa LGBTQIA+ community sa bansa.
   d. **Hindi pa handang bigyan ng lubusang pagkilala at pagtanggap nang buo ang LGBTQIA+ community sa ating lipunan.**

8. Si Jerico ay lalaki nang ipinanganak at mayroong panlalaking ari. Subalit batay sa kanyang paniniwala, pagtingin, at nararamdaman sa sarili, siya ay isang babae. Anong konsepto ng kasarian ang ipinakikita sa sitwasyon ni Jerico?
   a. Sekswalidad
   b. Identity crisis
   c. Oryentasyong sekswal
   d. **Pagkakakilanlang pangkasarian**

9. Ang mga sumusunod na sitwasyon ay nagpapakita ng layunin ng RH Law MALIBAN sa:
   a. Pag-oorganisa ng mga programa at seminar tungkol sa Family planning sa mga komunidad.
   b. Kasama sa kurikulum ng hayskul ang pagtuturo ng RH Law at iba pang usaping kaugnay nito.
   c. Regular na nakapagpapakonsulta si Gina sa kanilang barangay health center tungkol sa maternal na usapin.
   d. **Paghikayat sa mga kabataan na maging mapusok sa pakikipagtalik subalit may proteksyon ng condom.**

10. Alin sa mga sumusunod ang malalim na ugat ng pagkakaroon ng prostistusyon sa lipunan?
   a. Mabilis na kita at madaling makaahon sa hirap.
   b. Pagkawala ng pagpapahalaga sa sarili at moralidad.

   c. **Pagiging biktima ng Sistema at pananamantala ng iilan**
   d. Madaling Negosyo sapagkat katawan lamang ang puhunan, wala nang iba.

II. TAMA O MALI

1. **I.** Ang pinakalayunin ng RH Law ay mabigyan ng *informed* choice ang bawat mag-asawa sa pagkakaroon at pagpaplano ng kanilang pamilya.
   **II.** Ilan sa halimbawa ng permanenteng kontrasepsyon ay ang *Intrauterine Device (IUD)*, *Basal Body Temperature*, at *Bilateral Tubation Ligation.*

   **a. I ay TAMA, II ay MALI**
   b. I ay MALI, II ay TAMA
   c. Parehong pahayag ay TAMA.
   d. Parehong pahayag ay MALI.

2. **I.** *Sexual orientation* ang tawag sa ang kakayahan ng isang taong magkaroon ng malalim na atraksyon at pakikipagrelasyon sa maraming paraan sa ibang tao.
   **II.** *Sex* ang tawag sa pisyolohikal at biyolohiyak na katangian ng isang indibidwal.

   a. I ay TAMA, II ay MALI
   b. I ay MALI, II ay TAMA
   **c. Parehong pahayag ay TAMA.**
   d. Parehong pahayag ay MALI.

3. **I.** Ang paggamit ng kontrasepsyon ay isang paraan ng aborsyon.
   **II.** Ang lahat ng kontrasepsyon ay mayroong layuning permanenteng mapigilan ang pagbubuntis.

   a. I ay TAMA, II ay MALI
   b. I ay MALI, II ay TAMA
   **c.** Parehong pahayag ay TAMA.
   **d. Parehong pahayag ay MALI.**

4. **I.** Ang paggamit ng condoms ay isang daang porsyentong epektibo sa pag-iwas ng pagbubuntis.
   **II.** Kapag ang lalaki ay sumalilalim sa Vasectomy operation, hindi na ito maaari pang makabuntis.

   a. I ay TAMA, II ay MALI
   **b. I ay MALI, II ay TAMA**
   c. Parehong pahayag ay TAMA.
   d. Parehong pahayag ay MALI.

5. **I.** Ang kasal nila Eric at Richard sa UK ay kinikilala ng batas ng Pilipinas pagbalik sa bansa.

**II.** Sina Joy at Jane ay sumailalim sa same-sex union ceremony kaya naman maaari na nilang maging benepisyaryo ang isa't isa sa mga medikal at sosyal na seguridad.

a. I ay TAMA, II ay MALI
**b. I ay MALI, II ay TAMA**
c. Parehong pahayag ay TAMA.
d. Parehong pahayag ay MALI.

6. **I.** Maaaring sampahan ni Vanessa ng kaso ang mga lalaking nag-cat call sa kanya.
**II.** Ang panghihipo at unsolicited sexual remarks ng amo ni Angela ay maaring maparusahan sa ilalim ng Anti-sexual harassment act.

a. I ay TAMA, II ay MALI
b. I ay MALI, II ay TAMA
**c. Parehong pahayag ay TAMA.**
d. Parehong pahayag ay MALI.

7. **I.** Ang pagpasok ni Elaine sa industriya ng prostistusyon ay salamin ng hindi pagpapahalaga sa sarili at kawalan ng moralidad.
**II.** Kahirapan ang ugat ng pagkakaroon ng mga prostitusyon sa bansa.

a. I ay TAMA, II ay MALI
**b. I ay MALI, II ay TAMA**
c. Parehong pahayag ay TAMA.
d. Parehong pahayag ay MALI.

III. Enumeration

1-2. Magbigay ng dalawang masasamang epekto ng aborsyon.

3-4. Magbigay ng dalawang halimbawa ng oryentasyong sekswal.

5-6 Magbigay ng dalawang kahalagahan ng RH Law

7-8 Magbigay ng dalawang uri ng Digital na Pang-aabuso

GFROM LINK:

**https://forms.gle/bWKHYB7tX24vWuN88**

SUSI SA PAGWAWASTO

I. MULTIPLE CHOICE
1. C
2. B
3. C
4. D
5. B
6. C
7. D
8. D
9. D
10. C

II. TAMA O MALI
1. A
2. C
3. D
4. B
5. B
6. C
7. B

III. ENUMERATION (posibleng kasagutan)

1-2. Pagdurugo
Impeksyon
Permanenteng pagkasira ng cervix
Ectopic pregnancy
Kamatayan

3-4 Heterosexual
Bisexual
Homosexual
Asexual

5-6. Pagkakaroon ng informed choice
Serbisyong medikal para sa kababaihan
Edukasyon ng mga kabataan
Sapat na pondo o budget.

7-8. Cyberbullying
Extortion
Identity Theft
Threatening